



Pagsusuri sa Kalusugan para sa COVID-19 para sa Mga Bata at Teenager

Nobyembre 29, 2020

Ang gabay na ito ay binuo ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco para sa lokal na paggamit. Ipo-post ito sa sfcdcp.org/CovidSchoolsChildcare. Posibleng magbago ang gabay na ito.

AUDIENCE: Mga paaralan, childcare, at iba pang programang nagsi-screen ng mga bata at kabataan para sa mga sintomas ng COVID-19 at pagkakalantad dito.

Buod ng Mga Pagbabago mula sa Bersyon noong 8/10/2020


- Iniupdate ang numero ng telepono ng Hub ng Mga Paaralan at Childcare ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health, SFDPH) na (628) 217-7499
- Iniupdate ang kahulugan ng “close contact” sa kabuuang tagal na 15 minuto o higit pa sa loob ng 24 na oras
- Itinuturing na mga close contact ang lahat ng bata at tauhang wala pang 18 taong gulang na nasa pod/cohort.

BACKGROUND: Ipinag-aatas ng Mga Kautusan sa Kalusugan ng San Francisco na dapat suriin ng mga paaralan, childcare, at iba pang programa para sa mga bata at kabataan ang mga tao para sa pagkakalantad sa COVID-19 at mga sintomas nito bago sila payagang pumasok. Ibinubuo sa gabay na ito ang mga hakbang para suriin ang mga bata at kabataan para sa mga sintomas ng COVID-19 at pagkakalantad dito bago sila payagang pumasok.

Para sa detalyadong gabay tungkol sa screening para sa sintomas at pagkuha ng temperatura, kabilang ang screening para sa COVID-19 para sa mga adult, tingnan ang sfcdcp.org/screen

Mga Pagsusuri sa Kalusugan para sa COVID-19: Sino Ang Dapat Mong I-screen?

- Tanungin ang lahat ng taong pumapasok sa gusali o campus tungkol sa mga sintomas ng COVID-19 at pagkakalantad dito, kabilang ang mga tauhan, mag-aaral, magulang/tagapagalaga, contractor, bisita, at opisyal ng gobyerno. Hindi kailangang i-screen ang mga tauhang pang-emergency na rumeresponde sa tawag sa 9-1-1.
- Huwag payagang pumasok sa campus ang mga adult na may mga sintomas ng COVID-19 o nalantad dito.
- Dapat pauwiin ang mga mag-aaral na may mga sintomas. Panatilihin nasa nakatalagang isolation room ang mga mag-aaral na naghihintay na masundo.
- Para sa higit pang impormasyon tungkol sa screening, sumangguni sa sfcdcp.org/screen.



Mga Pagsusuri para sa Sintomas: Ano Ang Dapat Itanong at Ano Ang Dapat Obserbahan

May dalawang bahagi ang pagsusuri para sa sintomas, ang pagtatanong at ang pagtingin kung mukhang may sakit ang bata.

Itanong sa magulang o tagapag-alaga ang mga sumusunod

Puwedeng sagutan ng mga magulang/tagapag-alaga ang mga ito sa pamamagitan ng e-mail, app, o online form, o iba pang paraan ng komunikasyon bago dumating ang bata sa araw na iyon. Dapat maipadala ang lahat ng sagot sa araw kung kailan papasok ang bata.

1. Sa nakalipas na 14 na araw, nagkaroon ba ng close contact ang iyong anak sa isang taong may COVID-19 habang nakakahawa ang taong iyon?

Itinuturing na mga close contact ng isang taong may COVID-19 ang mga bata kung sila ay

- May 6 na talampakang distansya mula sa taong may COVID-19 sa loob ng 15 minuto o mas matagal pa sa kabuuan sa loob ng 24 na oras, kahit na pareho silang nakasuot ng mask
- Nakasama sa cohort o pod ng mga bata at kabataan na wala pang 18 taong gulang ng isang taong pumasok o nakisama sa cohort/pod na iyon habang may COVID-19 siya.

Nakakahawa ang mga taong may COVID-19

- Simula 2 araw bago nila unang maranasan ang mga sintomas ng COVID-19 hanggang sa hindi bababa sa 10 araw pagkatapos magsimula ang kanilang mga sintomas,
- Kung walang sintomas ang taong may COVID-19, itinuturing siyang nakakahawa simula 2 araw bago siya magpositibo sa pagsusuri hanggang 10 araw matapos siyang masuri.

2. Sa nakalipas na 24 na oras, kasama ang araw na ito, nakaranas ba ang iyong anak ng isa o higit pa sa mga sintomas na ito, na bago o hindi maipapaliwanag ng ibang kundisyon?

- Lagnat (100.4°F/38°C pataas) o panlalamig
- Ubo
- Pangangapos ng hininga o hirap sa paghinga
- Pagkawala ng panlasa o pang-amoy sa nakalipas na 10 araw. Puwedeng sabihin ng mga bata na “hindi masarap” o “kakaiba ang lasa” ng pagkain.
- Pamamaga ng lalamunan
- Sakit ng ulo
- Pagtatae
- Pagduruwal o pagsusuka

Biswal na pagsusuri

Suriin ang bata o teenager para sa mga senyales ng karamdaman gaya ng pamumula ng pisngi, hirap sa paghinga, pagkahapo, o labis na pagkabalisa. Kung namumula o hinihinal ang bata dahil sa init o pag-eehersisyo, pagpahingahin muna siya, at pagkatapos ay tingnan kung mukha pa rin siyang may sakit. Puwede mong pauwiin ang bata kung mukha siyang may sakit pagkarating niya, kahit na sabihin ng magulang o tagapag-alaga na walang sintomas ang bata.



Pagkuha ng temperatura

Hindi ipinag-aatas ng SFDPH ang pagkuha ng temperatura sa mga paaralan, childcare at programa para sa mga bata at teenager. Puwedeng magpasya ang inyong programa na kunin ang temperatura ng mga tao kapag pumasok sila sa gusali o hilingin sa mga tauhan at mga magulang/tagapag-alaga ng mga bata na kunin ang kanilang temperatura sa bahay.

Kung kukunin ng inyong programa ang temperatura pagkarating ng mga bata at tauhan sa inyong programa, inirekomenda ng SFDPH na gumamit ng mga “non-touch” thermometer; ang mga thermometer na idinidikit o inilalapat sa bata (sa ilalim ng dila o kilikili, sa noo, atbp.) ay dapat lang gamitin kapag naghihinala ang tauhan na may lagnat o sakit ang bata


- Ayon sa [CCLD/CDSS](#), ang mga programa sa childcare na magpapasyang kunin ang temperatura pagkadating ng mga bata at/o tauhan ay puwede lang gumamit ng mga “non-touch” (infrared) thermometer para sa mga regular na pagsusuring ito.
- Para sa gabay sa ligtas na pagkuha ng mga temperatura, tingnan ang <https://www.sfdcp.org/temperature>

Kung hihilingin ng inyong programa sa mga tauhan at mga magulang/tagapangalaga ng mga bata na kunin nila ang kanilang temperatura sa bahay, puwede ninyong payagan ang mga tauhan at mga magulang/tagapangalaga na ipaalam ito sa inyo sa pamamagitan ng email, paggamit ng on-line form, o paggamit ng iba pang paraan ng komunikasyon.

Kung may temperatura na 100.4 degrees Fahrenheit o mas mataas pa ang bata, pauwiin siya.

Ang dapat gawin kung kailangang pauwiin ang isang bata

- Sabihin sa magulang o tagapangalaga na hindi makakasama ang bata sa programa sa araw na iyon.
 - Sabihin siyang makipag-ugnayan sa kanyang regular na doktor or klinika.
 - Ipaalala sa magulang/tagapag-alaga na dapat manatili sa bahay ang bata hanggang sa matugunan niya ang mga kundisyon para makabalik sa programa
 - Bigyan ang magulang/tagapag-alaga ng kopya ng “Parent Handout: *COVID-19 Health Checks/If Your Child Has Symptoms (Handout para sa Magulang: Pagsusuri sa Kalusugan para sa COVID-19/Kung May Mga Sintomas Ang Iyong Anak)*” na makikita sa [sfdcp.org/CovidSchoolsChildcare](https://www.sfdcp.org/CovidSchoolsChildcare).
- Isadokumentong pinauwi ang bata dahil sa lagnat o mga sintomas. Tandaang protektahan ang pagkakumpidensyal.
- Para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung kailan makakabalik sa paaralan, childcare, o ibang programa ang mga bata pagkatapos makaranas ng mga sintomas ng COVID-19, sumangguni sa “*When someone has suspected or confirmed COVID-19: Quick Guide for Schools, Childcares, and Programs for Children and Youth (Kapag may pinaghihinalaan o kumpirmadong may COVID-19: Maikling Gabay para sa Mga Paaralan, Childcare, at Mga Programa para sa Mga Bata at Kabataan)*” na makikita sa [sfdcp.org/CovidSchoolsChildcare](https://www.sfdcp.org/CovidSchoolsChildcare)



Mga Madalas Itanong

Ano ang ibig sabihin ng “cohort” o “pod”?

Ang cohort ay isang hindi nagbabagong grupong may tiyak na bilang ng mga miyembro na nananatiling magkakasama para sa lahat ng aktibidad (hal., tanghalian, recess, atbp.) at umiiwas sa pakikisalamuha sa ibang tao o cohort. Kung minsan, tinatawag ding “mga pod” ang mga cohort.

Paano kung hindi sigurado ang magulang/tagapag-alaga kung “Oo” ang isasagot sa tanong tungkol sa sintomas?

Hilingin sa magulang/tagapag-alaga na pagtuunan kung BAGO o IBA ang sintomas sa pangkaraniwang karamdaman ng kanyang anak, o kung hindi ito MAIPALIWANAG. Hikayatin ang magulang/tagapag-alaga na magtiwala sa kanyang nararamdaman. Halimbawa.

- May hika ang bata. Madalas siyang ubuhin kapag nag-eehersisyo o may allergy.
 - Pangkaraniwan ang ubo niya à HINDI, hindi ito bago o iba.
 - Iba ang tunog ng kanyang ubo at mas madalas ang kanyang pag-ubo à OO, iba ito sa karaniwan

Paano kung hindi maipapasuri ng magulang/tagapag-alaga ang bata?

- Itanong kung tumawag na siya sa mga lugar na ito:
 - Regular na provider ng pangangalagang pangkalusugan o klinika ng kanyang anak (mas mainam)
 - Kung wala siyang regular na provider ng pangangalagang pangkalusugan, ang klinikang nakalista sa health insurance card ng kanyang anak
 - Kung wala siyang insurance at walang regular na provider,
 - Call Center ng SFDPH para sa Appointment ng Bagong Pasyente para sa COVID-19 sa (415) 682-1740
 - Mission Neighborhood Health Center sa (415) 552-3870 x2217
- Kung sasabihin ng magulang/tagapag-alaga na hindi niya maipasuri ang anak sa alinman sa mga lugar sa itaas, makipag-ugnayan sa Hub ng Mga Paaralan at Childcare ng SFDPH sa (628) 217-7499 o Schoolschildcaresites@sfdph.org.



**Form para sa Pagsusuri sa Kalusugan para sa COVID-19 para sa
Mga Bata at Teenager**

Bago ka mag-screen, **alamin kung lumiban o pinauwi ang bata dahil may sakit siya.** Kung oo, tiyaking natutugunan niya ang mga kundisyong kailangan para makabalik sa inyong paaralan, childcare o programa.

Hakbang 1: Magtanong at obserbahan kung may mga sintomas

Tiyaking 6 na talampakan ang layo mo sa bata at sa kanyang magulang/tagapag-alaga, o nasa likod ka ng partition.

<p>1. Itanong: Sa nakalipas na 14 na araw, nagkaroon ba ng close contact ang iyong anak sa isang taong may COVID-19?</p> <p>Close contact ang iyong anak ng isang taong may COVID-19 kung siya ay</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nanatili sa loob ng 6 na talampakang distansya mula sa isang taong may COVID-19 nang 15 minuto o mas matagal pa sa kabuuan sa loob ng 24 na oras, kahit na pareho silang nakasuot ng mask • Nakasama sa cohort o pod ng mga bata at kabataan na wala pang 18 taong gulang ng isang taong pumasok o nakisama sa cohort/pod na iyon habang may COVID-19 siya. <p>Nakakahawa ang mga taong may COVID-19 simula 2 araw bago nila maranasan ang mga sintomas ng COVID-19 hanggang sa hindi bababa sa 10 araw pagkatapos magsimula ng kanilang mga sintomas,</p> <p>Kung walang sintomas ang taong may COVID-19, itinuturing siyang nakakahawa simula 2 araw bago siya magpasuri hanggang 10 araw matapos siyang masuri.</p>	<p>OO/HINDI</p>
<p>2. Itanong: Sa nakalipas na 24 na oras, kasama ang araw na ito, nakaranas ba ang iyong anak ng alinman sa mga sintomas na ito, na bago o hindi maipapaliwanag ng ibang kundisyon?</p> <ul style="list-style-type: none"> • Lagnat o panlalamig • Ubo • Pangangapos ng hininga o hirap sa paghinga • Pagkawala ng panlasa o pang-amoy sa nakalipas na 10 araw. <i>Puwedeng sabihin ng mga bata na "hindi masarap" o "kakaiba ang lasa" ng pagkain.</i> • Pamamaga ng lalamunan • Sakit ng ulo • Pagtatae • Pagduruwal o pagsusuka 	<p>OO/HINDI</p>
<p>3. Tingnan ang bata. Mukha ba siyang may sakit?</p> <p>Maghanap ng mga senyales gaya ng pamumula ng pisngi, hirap sa paghinga, pagkahapo, o labis na pagkabalisa. Kung namumula o hinihinal ang bata dahil sa pag-eehersisyo, pagpahingahin muna siya.</p>	<p>OO/HINDI</p>

KUNG OO sa alinman O kung mukhang may sakit ang bata

PAUWIIN (tingnan ang mga tagubilin sa ibaba)

KUNG HINDI sa lahat ng sintomas AT mukhang maayos ang kalagayan ng bata

PUMUNTA SA HAKBANG 2

Hakbang 2 (opsyonal): Kunin ang temperatura gamit ang isang no touch thermometer

Panatilihin ang iyong mukha sa likod ng partition.



Temperaturang 100.4°F pataas	OO/HINDI
------------------------------	----------

KUNG OO, ang temperatura ay 100.4°F o mas mataas pa

PAUWIIN (tingnan ang mga tagubilin sa ibaba)

KUNG HINDI, o kung hindi kinukuha ng programa ang temperatura

***Puwedeng pumasok ang bata.
Sabihin sa bata, “Maghugas ka na ng kamay.”***

Kung papauwiin mo ang bata

- Bigyan ang magulang/tagapag-alaga ng kopya ng “*Parent Handout: COVID-19 Health Checks/If Your Child Has Symptoms (Handout para sa Magulang: Pagsusuri sa Kalusugan para sa COVID-19/Kung May Mga Sintomas Ang Iyong Anak)*” na makikita sa sfcdcp.org/CovidSchoolsChildcare
- Isadokumentong pinauwi ang bata dahil sa mga sintomas. Tandaang protektahan ang pagkakumpidensyal!